Moorebank Intermodal Precinct

Filipino



**Ang Moorebank Intermodal Precinct ay isa sa pinakamahalagang pang-industriya at intermodal na presinto sa Australya. Ang kalakihan at kapasidad ng presinto ay isang kauna-unahan sa Australya na magpapabago sa daloy ng produkto at serbisyo sa bansa, na mag-aalis sa sampu-sampung libong mga trak sa paggamit ng mga daan, pati na rin ang pagpapababa ng mga gastos para sa mga negosyo at mga mamimili sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas mahusay at napapanatiling pagpoproseso at paghahatid ng kalakal.**

## ISANG BAGONG PANGALAN AT HITSURA NG MOOREBANK

Nagagalak kaming ipakilala ang bagong hitsura at pangalan para sa presinto. Ang bagong pangalan, Moorebank Intermodal Precinct, at hitsura ay unti-unting ilulunsad sa mga karatula at mga materyales sa pagpapaanunsyo sa susunod na mga buwan. Abangan ang paglunsad ng aming bagong website.




## Pinakabagong update ng Pagpapatayo para sa Abril - Mayo 2023

### Pagpapaganda ng mga Daan

Makikita ng mga gumagamit ng daan ang pagdami ng mga aktibidad sa konstruksyon habang ang mga trabaho sa pagpapabuti ng interseksyon sa Moorebank Avenue at Anzac Road ay umuunlad. Upang mabigyan ng espasyo ang trabahong ito, ang ilang mga pagbabago sa trapiko ay inihanda o nakaplano sa susunod na mga buwan:

- Mga pahilagang daanan (Northbound lanes) sa Moorebank Avenue ay pinaliitan na maging isahang daanan sa pagitan ng Anzac Road at M5 turn lanes (Marso – Abril)
- Patungong timog na mga daanan (Southbound lanes) sa Moorebank Avenue ay pinaliitan na maging isahang daanan mula sa merge lane hanggang 30 metro paglampas ng Bapaume Road (Marso – Abril)
- Ang pangunahing daanan ng konstruksyon sa Moorebank Precinct West ay lilipat sa Bapaume Road at ang Chatham Avenue ay permanenteng isasara (mula sa pagtatapos ng Abril)
- Ang Bushmaster Avenue, ang bagong daan ng presinto sa Moorebank Precinct West, ay magbubukas sa pangalawang kalahati ng 2023.

Subaybayan ang website ng proyekto para sa pinakabagong impormasyon sa mga napapanahong pagbabago ng mga daan na ito.

Samantala, patuloy na isinusulong ng National Intermodal ang mga gawain bago umpisahan ang konstruksyon para sa naaprubahang Moorebank Avenue Realignment. Kabilang dito ang paghahanda ng mga procurement packages para sa pagpapatayo at ang pagtatapos ng maraming mga plano sa pamamalakad ng konstruksyon para tumulong sa paggabay sa mga kilos at aktibidad ng mga kontratista sa sandaling magsimula ang mga gawaing pangkonstruksyon.

Nagpapatuloy rin ang mga trabaho sa pagdisenyo kasama ang mga kaugnay na awtoridad sa daan upang masiguro na ang panghuling pag-aayos ay magbibigay ng isang ligtas na gumaganang daloy ng trapiko sa paligid ng Presinto.

## Pagpapaganda sa Suplay ng Kuryente

Gaya ng naunang iniulat, isang bagong 33kV na koneksyon ng Endeavour Energy sa Moorebank ay kinakailangan upang mapabuti at mapahaba ang imprastraktura ng kuryente sa loob ng lugar ng Moorebank at upang matutugunan ang mga load requirement para sa patuloy na operasyon ng Moorebank Intermodal Precinct. Ang mga plano sa pag-upgrade na ito ay isinaba isinama sa isang Review of Environmental Factors (REF) na ipinakita noong Hunyo at Hulyo 2022.

Kasunod ng mga komento mula sa mga stakeholder sa panahon ng proseso ng konsultasyon sa REF, ang saklaw ng pag-upgrade na ito ay binago upang makabilang ang iminungkahing 33kV na linya ng kuryente na kasalukuyang inilalagay sa ilalim ng lupa sa kahabaan ng Junction Road sa pagitan ng Ernie Smith Reserve at Nuwarra Road, Moorebank. Ang pang-itaas na suplay para sa natitirang alignment ay mananatili upang maiwasan ang masamang epekto sa kapaligirang kalikasan kung saan tatawid ang alignment sa Anzac Creek.

Ang mga puna sa REF at kasunod na pagbabago sa sinasaklawan ay idinetalye sa Response to Submissions Report and Addendum sa REF na inilagay sa eksibisyon noong pagitan ng ika-25 ng Pebrero at ika-19 ng Marso.

Habang hinihintay ang pagkaka-apruba at pamimili, ang konstruksyon ay inaasahang magsisimula sa ikalawang kalahating bahagi ng 2023 at aabutin ng humigit-kumulang na anim na buwan upang makumpleto, kung papayagan ng panahon. Palaging ipapabatid sa mga kasapi ng komunidad ang mga aktibidad ng konstruksyon sa kabuuang programa ng trabaho.

## Pangmatagalang On-Site na Pag-iimbak ng mga Materyales

Ang mga gawaing pagbubungkal-lupa sa Moorebank Intermodal Precinct ay nagsimula noong 2017. Simula noon, isang napakalaking tambak ng lupa ay nahukay sa lugar bilang bahagi ng proseso ng pagpapatayo. Sa maraming mga proyektong konstruksyon, ang mga hinukay na lupa ay ipinapadala sa landfill sa ibang lugar. Nagreresulta ito sa mga epekto ng transportasyon, landfill at emisyon na maaaring maiwasan sa pamamagitan ng magandang agham ng lupa at matinong pag-iiskedyol ng mga trabaho upang isagad na mapalaki ang muling paggamit sa lugar. Halimbawa, maaaring muling magamit ang malinis na top soil para sa landscaping o bilang patubuang lupa sa mga lugar na kulang ng mga halaman. Ang iba pang mga materyales ay maaaring angkop upang magamit bilang suporta sa istruktura sa ilalim ng mga bodega at/o mga panloob na daan.

Ipinagmamalaki ng Presinto na muling magagamit ang halos lahat ng mga nahukay na materyales sa lugar. Gayunpaman, habang nagsisimula kaming makarating sa dulo ng mga gawaing pagbubungkal-lupa, tinatantya na may maliit na bahagi ng hinukay na lupa ay mananatili bilang pasobra sa ating mga kinakailangan. Sa pangalawang pagkakataon, sa paghahangad na mabawasan ang lokal na mga epekto ng transportasyon, landfill at emisyon na nauugnay sa pamamahala ng lupa sa labas, tinukoy ng National Intermodal ang isang maliit na lugar ng kalabisan na at nilinis na lupain na matatagpuan sa gitnang-timog na dulo ng Presinto bilang isang posibleng lokasyon para sa pangmatagalang, on-site na pag-iimbakan ng sumubrang materyales. Ang sobrang lupa ay iimbakin sa isang hugis lamesa (tabletop type) na engineered structure, na matatakpan ng topsoil at matataniman ng damo.

Magsusumite ang National Intermodal ng isang pagsusuri sa epekto sa kapaligirang kalikasan (sa porma ng isang Modification Report) na humihiling ng pag-apruba para sa pangmatagalang lugar ng imbakan. Ang pagsusumite sa NSW Department of Planning ay nakaplano sa Abril/Mayo 2023. Samantala, malugod naming tatanggapin ang anumang mga puna o tanong mula sa komunidad.



## Interstate na Terminal ng Tren

Ang pagpapatayo ng Interstate na Terminal ng Tren ay maayos na nagpapatuloy, kung saan ang mga gawaing lupa at pagkabit ng mga utility ay malapit nang matapos. Ang mga riles (tracks) ay magsisimulang ilagay mula sa pagtatapos ng Abril. Sa mga darating na buwan, ang mga pagsesemento sa terminal ay ilalatag.

Noong Marso, ang National Intermodal ay tuwang-tuwang tinanggap ang Minister for Infrastructure, Transport, Regional Development and Local Government, na si Hon Catherine King, MP, sa presinto ng Moorebank upang pag-ukulan ng pansin ang pagsisimula ng konstruksyon sa container handling facilities ng Terminal. Kapag gumagana na sa susunod na taon, ang terminal ay gagamitin ng tren na may sukat na 1800m ang haba ng bawat isa. Sa pagtatapos, ang terminal ay magkakaroon ng kakayahang magpalakad ng mahigit na 500,000 TEU bawat taon, na nagbibigay ng isang epektibong paraan upang mapababa ang gastos ng daloy ng produkto at mga emission mula sa transportasyon.

## Trabaho sa Kapaligirang Kalikasan

Patuloy na nagaganap ang mga gawain sa konserbasyon sa buong 100+ ektarya ng lupa sa ilalim ng biobanking na custodianship ng National Intermodal. Dahil sa maulan at maaraw na panahon, nakatuon ang karamihan sa mga trabahong ito sa pag-aalis ng mga eksotikong halaman at damo. Gayunpaman, ang National Intermodal ay nakatuon rin sa muling pagtatanim ng katutubong mga halaman sa isang lugar na malapit sa George's River na noon pang panahon na nilinisan na ng mga halaman. Ang paglalagay ng lupa ay kasalukuyang isinasagawa sa lugar na ito upang bumuo ng isang malalim na soil bed upang suportahan ang muling pagtubo ng mga katutubong species. Bagama't kasalukuyang medyo nahuhuli sa iskedyul ang mga aktibidad dahil sa napakamaulang panahon, inaasahan na ang mga katutubong punla ay sisimulan na muling itanim sa Mayo/Hunyo 2023 – depende sa payo ng mga ecologist kung ano ang pinakamahusay na panahon upang maitanim ang bawat species.

# Pagpapanatiling gumagana at ang Komunidad

## Paduyan-duyan na Pagkilos

Nasasabik ang National Intermodal na makikipagsosyo sa panglipunang namumuhunan na Play For All Australia upang masuportahan ang dalawang inclusive na high-back swing (duyan) sa Cameron Park at Lakeside Park.

Ang paglalagay ng mga inclusive swing sa mga palaruan sa lokal na komunidad ay nangangahulugan na ang bawat bata – anuman ang abilidad – ay maaaring maglaro, makipag-ugnay at mapapabilang.

Ang Play for All Australia ay itinatag ni Caroline Ghatt at ng asawang si Tim Smith, na ang anak na lalaking si Marcus ay nabubuhay na may isang malubhang kapansanan, upang maipakalat ang kamalayan at mapatindi ang pakikilahok sa lipunan ng buong lokal na mga komunidad.

Inilunsad noong huling bahagi ng Enero sa Casula Parklands, ang aming Director of Stakeholder Relations na si Kylie Hargreaves ay sumali sa kaganapan kasama ang Liverpool City Council, mga negosyong lokal at mga grupo ng komunidad.

*"Walang mas posibleng makapagpapangiti sa iyo kaysa sa makakarinig ng tuwa ng isang bata habang sila ay dumuduyan ng pataas nang pataas. Ang bawat bata ay dapat na magkaroon ng pagkakataon na maramdaman ang katuwaang iyan, anuman ang kanilang mga kakayahan. Ginagawang posible yan ng mga duyan na ito," sabi ni Ms Hargreaves.*

Ang mga duyan sa 12 lokal na parke ay kasalukuyang ikinakabit, na kung saan ang mga nagtatangkilik ng duyan sa Cameron Park at Lakeside Park ay aktibo at nakahanda para mabigyang kasiyahan ang lokal na komunidad.




Ang Minister for Infrastructure, Transport, Regional Development and Local Government, na si Hon Catherine King, MP ay bumibisita sa Moorebank Intermodal Precinct

## Mga Oras ng Operasyon at Konstruksyon

Ang mga naaprubahang oras ng operasyon ng Pasilidad na Intermodal (kabilang ang Import Export Terminal and Warehousing) ay 24 oras, 7 araw bawat linggo.

**Mga Pagtrabaho sa Dis-oras**

Ang aming mga gawain ay karaniwang isinasagawa sa loob ng karaniwang oras ng konstruksyon, gayunpaman maaaring mayroong mga partikular na aktibidad o hindi maiiwasang mga pangyayari na mangangailangang magtrabaho sa labas ng oras-opisina upang mabawasan ang epekto sa komunidad, mga gumagamit ng daan at mga lokal na negosyo.

Ang mga pagtatrabahong ito ay i-aabiso nang maaga sa pamamagitan ng website at isang letterbox drop sa mga apektadong residente at negosyo.

**Ang aprubadong karaniwang oras ng trabaho sa konstruksyon ay:**

**Moorebank Precinct West**
Lunes hanggang Biyernes:
ika-7 ng umaga – ika-6 ng hapon
Sabado: ika-8 ng umaga –
ika-1 ng hapon

**Moorebank Precinct East**
Lunes hanggang Biyernes:
ika-7 ng umaga – ika-6 ng hapon
Sabado: ika-7 ng umaga –
ika-1 ng hapon

## Pakikipag-ugnayan

Upang makipag-ugnay, humiling ng impormasyon o magreklamo:

**TUMAWAG SA AMIN**
1800 986 465

**MAG-EMAIL SA AMIN**
moorebank@tsamgt.com

**SUMULAT SA AMIN**
Level 15, 207 Kent Street,
Sydney, NSW, 2000

Para sa karagdagang impormasyon,
mangyaring bumisita sa aming website **simta.com.au**

Moorebank Intermodal Precinct